Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
REGIONAL OFFICE NO. 02
(Cagayan Valley)
Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City

DEPARTMENT OF EDUCATION

Marso 5, 2012

**PANREHIYONG MEMORANDUM**
**BLG. 30, SERYE 2012**

**PANREHIYONG TAGISAN NG TALINO SA WIKA AT PANITIKAN SA ANTAS SEKONDARYA**

Sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Bilang paghahanda sa Pambansang Tagisan ng Talino sa Wika at Panitikan Sa Antas Sekondarya na gaganapin sa Abril 11, 2012 sa Puerto Princesa, Palawan, ang Kagawaran ng Edukasyon, Region 02, sa pangunguna ng Sangay ng Edukasyon Sekondarya(SED), ay magdaraos ng Panrehiyong Balagtasan sa Marso 26, 2012 sa ganap na ika-9:00 ng umaga sa Bulwagan Pangkumperensya ng nasabing tanggapan.

2. Layunin ng paligsahang ito na makapili ng kinatawan ng Rehiyon 02 para sa Pambansang Antas ng paligsahan; makabuo at maiwasto ang piyesa ng balagtasan na tumatalakay sa itinakdang piyesa: **" Nakatutulong ba ang Makabagong Teknolohiya sa Pagtataas ng Kalidad ng Edukasyon?"** at maitanghal ang piyesa ng balagtasan sa publiko.

3. Magdedeklara ng una, ikalawa at ikatlong gantimpala sa paligsahan at ang magkakamit ng unang gantimpala ang magiging kinatawan ng rehiyon 02 sa Pambansang Paligsahan.

4. Kalakip ay ang sipi ng (Enclosure No. 2 to DepED Memorandum No. 42, s. 2012)

5. Hinihiling ang maaga, malawakan at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito .

**BENITO S. TUMAMAO, Ed.D., CESO III**
Director IV/Regional Director

Pamumudmod : 1(RO2-07)
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg. 42, s, 2012
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONTESTS STUDENTS